# MEDIA RELEASE

**DAPAT IPALABAS KAAGAD**

PA Cell: (808) 554-4813
Duty Cell: (808) 371-5189

**Hunyo 30, 2023**
**Release # 23-15**

## Paanyaya saRed Hill Bulk Fuel Storage Facility Community Representation Initiative

**JOINT BASE PEARL HARBOR-HICKAM, Hawaii** – Ang Department of the Navy (DON) at Defense Logistics Agency (DLA), kapartner ang Environmental Protection Agency (EPA), ay nag-aanyaya sa publiko na dumalo sa meeting ng pagplano para sa pagbubuo ng Red Hill Bulk Fuel Storage Facility (RHBFSF) Community Representation Initiative sa Hulyo 27, 2023.

Ang Community Representation Initiative ay natatag bilang direktang pagtugon sa feedback na natanggap mula sa komunidad sa pamamagitan ng 2023 Consent Order. Ang naipahiwatig na pagnanais sa mas malawak na pagiging bahagi ng mga aktibidad na may kaugnayan sa pagsasara ng RHBFSF tank, at pati na rin ang ligtas na naiinom na tubig sa Navy water system ay humantong sa paglilikha ng napakalahagang inisyatibo na ito. Ang pangunahing layunin ay mapatupad ang isang napiling grupo ng mga indibiduwal para kumatawan sa mga interes ng komunidad sa DON, DLA, EPA, at iba pang mga kalahok na pederal, pang-estado, at lokal na agency.

Inaanyayahan ng DON ang lahat ng mga interesadong indibiduwal na sumali sa meeting ng pagplanong ito, na nakatuon sa pagkuha ng mga input mula sa komunidad hinggil sa disenyo at mapa sa pagpapatupad ng Community Representation Initiative.

Ang mga pangunahing paksa ng talakayan ay kinabibilangan ng:

- Pagtitiyak at pagsasagawa ng proseso para sa pagnonomina ng miyembro at pagpili nito
- Pagpapasya kung paano mabubuo ang membership
- Pagtutugon sa mga responsibilidad ng miyembro

Nilalayon ng Community Representation Initiative na maglinang ng isang interactive na relasyon sa pagitan ng DON, DLA, EPA, at mga stakeholder sa komunidad. Mapapadali nito ang mga maagang talakayan at matiyak ang patuloy na pagdaloy ng impormasyon sa pagitan ng lahat ng mga kabilang na panig.

Ang meeting ng pagplano ay naka-schedule ayon

sa mga sumusunod: Petsa: Hulyo 27, 2023
Oras: 5 – 7 p.m.
Lokasyon: Aliamanu Middle School

3271 Salt Lake Blvd
Honolulu, HI 96818

Hinihikayat ng DON ang mga miyembro ng komunidad na dumalo sa meeting na ito at aktibong magbigay ng kontribusyon sa pagbubuo ng Community Representation Initiative para makatulong na mahubog ang panghinaharap na proseso ng pagdedesisyon hinggil sa RHBFSF.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa meeting ng pagplano na ito o sa Community Representation Initiative mangyaring makipag-ugnayan kay:

Mr. Stephen Hurff, United States Navy
cnrh.pao@us.navy.mil

o kay:

Dominique Smith, USEPA R9
Red Hill EJ Community Engagement Coordinator
smith.dominique@epa.gov
808-541-2724

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Red Hill at sa 2023 Consent Order, mangyaring bumisita sa Navy Region Hawaii website https://cnrh.cnic.navy.mil/Operations-and-Management/Red-Hill/.

Ang mga detalye sa meeting ng pagplano ay available rin sa Red Hill Public Events Calendar ng EPA sa: https://www.epa.gov/red-hill/red-hill-public-events-calendar.

Sa pamamagitan ng CRI, ng DON, kasama ng DLA atEPA, nakakapagtatag tayo ng mas matibay na partnership sa komunidad, na sinisigurado na ang mga interes ng komunidad ay mabisang napapangatawan at natutugunan.